

Midya: “Kumikinang na Batubalani Sa Diwa ng Kayumanggi”: Katuwang nga ba sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino?

GIRLIE S. MANABAT

Mananaliksik

Master sa Sining ng Edukasyon

Medyor sa Pagtuturo ng Filipino

August 2011

Edna P. Martinez, MAED

Tagapayo

Abstrak

Sa pamamagitan ng kwalitatibong pananaliksik, sinikap ng pag-aaral na ito na matukoy kung sadyang katuwang ang midya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at kung papaano ito nakakatulong. Ang kasalukuyang pananaliksik ay nilahukan ng apatnapung mag-aaral (47) sa ikalima at ikaanim na baitang at limang (5) gurong itinuturing na eksperto sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang lahat ng mga kalahok ay galing sa iisang pribadong paaralan, na sa panahon ng pagsasagawa ng pag-aaral na ito, ay nabiyayaan ng sapat na pasilidad gamit ang makabagong teknolohiya sa mga silid-aralan ng ikalima at ikaanim na baitang (tinatawag ang mga itong Multi-media rooms)

Natuklasan na malaki ang naitutulong ng paggamit ng midya sa pagpapadali ng pagtuturo ng asignaturang Filipino at pagpapasigla sa pagdalumat ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang mga pangunahing uri ng midyang kinahihiligan ng mga mag-aaral na isinaayos mula sa pinakakinahihiligan ay ang: internet, telebisyon, dyaryo, sinema, magasin at radyo. Dahil sa kanilang dulot na mabisang atraksyon sa mga mag-aaral, ang mga nabanggit ay inihalalintulad sa “batubalani” sa pagtuturo, at sa pagkatuto ng mga kasanayang tulad ng pagsulat, pagsasadula ng patalastas, pagsusuri ng pelikula, pagpapalawak ng ideya ng isang paksa at pagbuo ng talata, na pawang mga mabisang panlinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. Nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto sa tulong ng midya, at nagiging mas kapana-panabik, maganda, at maayos ang paglalahad ng mga aralin sa Filipino kung ikukumpara sa karaniwang paraan ng pagtuturo ng nasabing asignatura.

Dahil dito, iminumungkahing samantalain ng mga guro ang kagandahan ng paggamit ng midya sa pagpapadali ng pagtuturo sa asignaturang Filipino at pag-ibayuhin pang lalo ang gamit nito sa pamamagitan ng paglikha ng mga mas makabagong paraan ng paggamit nito. Tinatawagan din ng pansin ang mga tagalinang ng kurikulum sa elementarya at sekundarya at gayun na rin ang tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education o DepEd), na bigyang daan ang pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto, lalo na ang asignaturang Filipino, gamit ang midya bilang mabisang katuwang sa pagdalumat ng kaalaman.

Mga Susing Salita: midya, batubalani, asignaturang Filipino

INTRODUKSYON

“Klik! (“Ito ang teleradyo DZMM!”); “Klik!” (“It’s Showtime!”); “Klik! (“yahoo.e-mail, google).

Kasabay ng pag-inog ng mundo ay ang pag-unlad ng mga tao. Makikita at mararanasan na ang siglong ito ay siglong teknolohiya. Isang matunog na “klik” lamang ng radyo at telebisyon ay tatambad na ang iba’t ibang kaalaman. Idagdag pa ang kompyuter, e-mail at internet. Ito ang makapangyarihang midya.

Ayon kay Dulles (1988), ang midya ay di lamang isang mayamang balon ng karunungan, kaalaman, pangkabatiran at komunikasyon bagkus ito rin ay may maselang dalawit sa buhay ng mga tao tungo sa mga pagpapahalaga at saloobin sa paligid na kanilang ginagalawan. Nararating ng midya ang kasuluk-sulukang lugar sa pamamagitan ng radyo, telebisyon at pahayagan. Mayaman man o mahirap, bata man o matanda ay may akses sa midya.

Binanggit naman ni Worsnop (2006) na sa kasalukuyan, tila kabataan ang target ng midya. Mapapansin na ukol sa kanila ang mga patalastas, pelikula, mga awitin at palabas sa telebisyon. Sila rin ay madaling makaugnay at makagaya sa kanilang napapanood at naririnig kung kaya matagumpay na natatamo ng midya ang buong pusong pagsunod nila.

Subalit ang ganitong kasiglahan ay tila isang malaking suliranin ng bawat magulang, kaguruan at maging ng simbahan. Dati-rati, ang telebisyon ay isa lamang anyo ng libangan ngunit sa pagdaan ng panahon, ito ang nagsilbing “yaya” ng mga bata hanggang ito na ang naging mundo nila. Makikita sa mga uri ng palabas ang kanilang kinahihiligan. May mga batang natutuon ang inklinasyon sa sining, sa musika at may mga programa na sumasakop na rin sa liksyon nila (Fore, 1987).

Bakit nga ba nagkakaganito ang mga kabataan sa kasalukuyan? Isang katanungan ng marami na nabibitin ang sagot sa kawalan. Bukod sa tahanan, paaralan, pamayanan at simbahan, ang midya ay isa na ring elemento sa paghubog ng isang mamamayang may takot sa Diyos at batas ng lipunan. Ito rin ay isang sangkap upang mahubog ang kanyang ganap na katauhan - isang taong may pagpapahalaga sa kanyang kapwa, sarili, kapaligiran at sa mundong kanyang ginagalawan.

Ayon nga kay Gnanasegaram (1994), totoong tunay na malakas ang hatak ng midya di lamang sa nakatatanda ngunit higit sa mga kabataan. Ang midya ay hindi lamang isa sa mga elemento sa paghubog upang maging ganap ang kanilang pagkatao. Itinuturing na rin itong malakas na pwersa na unti-unting pumapalit sa lugar ng mga institusyon na dating nagsasagawa ng ganitong tungkulin.

Samakatwid, ang kapangyarihan ng midya ay tila isang kumikinang na batubalani na may katangiang higupin ang kamalayan ng isang tao.

Dahil sa kapangyarihang taglay ng midya, ipinapalagay ng maraming edukador na ito rin ang dahilan kung bakit kapuna-puna ang tila pagbaba ng lebel ng pag-iisip ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Sa isang pananaliksik nina Celuch at Salma (1999) may pamagat na “Teaching Critical and Creative Skills for the 21st Century”, hinihikayat nila na ihanda ang mga

mag-aaral sa mga makabagong kalakaran sa mundo. Ayon sa kanila, ang lahat ay nakararanas ng madaliang pagkawala ng kaalaman sa loob lamang ng ilang taon. Kung kaya't ang mga paaralan ay puspusang gumagawa ng paraan upang kahit paano ay maibalik muli ang ganap na interes ng mga kabataan sa pag-aaral. Hindi ito nakasalalay sa patuloy na pagbabago ng kurikulum. Ito ay maaaring magawa sa pamamagitan ng paghahanda sa mga mag-aaral na maiangkop ang sarili sa mga pagbabago, matutunang makibagay at magamit ang mga bagay na kailangan sa buhay. Masasabi na ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa ganitong pamamaraan ay ang kasanayan na masuri ang kakayahan at patuloy na mapaunlad ang sariling kaisipan sa mapanuri at malikhaing pag-iisip.

Sa Pilipinas, isa sa mga pinagtutuunan ng pansin ngayon ay ang kakulangan ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Katunayan, ang taunang eksameng panrehiyon at pangnasyunal na isinasagawa ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang tayahin ang natamong kaalaman ng mga mag-aaral ay nagpakita ng pagbaba ng kanilang lebel ng pag-iisip. Mula noong 2002, ang National Achievement Test o NAT ay ibinibigay tuwing Marso upang tasahin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pampubliko at pribadong paaralan sa Pilipinas. Ang kaalaman at kasanayan ng mag-aaral sa mababang paaralan ay sinusubok sa mga aralin tulad ng Filipino. Ang pagsusulit ay pinapangasiwaan ng National Education Testing and Research Center (NETRC) ng DepEd. Layunin ng mga resulta na gabayan ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa isinasagawa nitong pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa bansa at mabigyan ng karampatang atensyon ang mga mag-aaral.

Isang pananaliksik naman ang isinagawa ng National Statistics Office (NSO) sa tulong ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), ito ang "Functional Literacy, Education and Mass Media Survey". Ayon sa pamunuan ng FLEMMS (2003), sa loob ng mahabang panahon, pinanghahawakan na ang Pilipinas ay isa sa mga bansang papaunlad na may mataas na antas ng edukasyon at literasya kumpara sa ibang bansa. Subalit sa kasalukuyan, nananatiling huli at tila di makausad ang Pilipinas habang patuloy na sumusulong ang mga karatig-bansa nito sa Asya.

Binanggit din ni Dayo (2001) na ang ganitong kalagayan ay lubhang nakababahala. Dahil dito, pangunahing pokus ng mga kaguruan ang pagkakaisa sa pagsisikap na paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang mapanuri/kritikal na pag-iisip. Gayundin, gumagawa ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ng mga paraan upang mapataas ang antas ng kalidad ng pag-iisip ng mga mag-aaral dahil ang kasalukuyang sistema ng edukasyon sa buong mundo ay nagpapakita ng masidhing pangangailangan na maisakatuparan ang pagpapataas ng antas ng kaisipan ng mga mag-aaral.

Sa nakamulangang kultura, ang edukasyon ay isang hagdan tungo sa kaunlaran. Kaya naman isa sa mga dapat suriin ng sistemang pang-edukasyon ay kung bakit malaki ang pagkahumaling ng mga kabataan sa midya. Ano at paano ba ang ginagawa nito at mas mabilis na nauunawaan ng mga kabataan ang nais nitong ipabatid? Bakit sa paaralan ay hirap ang isang bata na isaulo ang isang tula ngunit isang dinig lang sa awitin ni Justin Beaver ay nakakaya na itong awitin nang solo at may kasama pang indak? Nakakaya din nilang gayahin ang isang patalastas o ikwento ang napanood na sitcom o pelikula nang may kasiglahan. Gayundin, kahit maghapon silang nakaharap sa computer upang mag-*counter strike* o mag-*facebook* ay di napapansin ang paglipas ng oras.

Ayon naman kay Bowen (1996), kapansin-pansin ang tahimik ngunit mabagsik na digmaan sa pagitan ng paaralan at midya upang makuha lamang ang atensyon ng mga kabataang mag-aaral. Sa kabila ng katotohanang halos lahat ng kaalaman ay naibibigay na ng midya sa mga mag-aaral, hindi pa rin maitatwa ang kahalagahan ng paaralan bilang isa sa mga pangunahing mapagkukunan ng mga kaalaman. Ang mga kaalamang ito ay tiyak na makatutulong sa paghubog ng kanilang pagkatao upang maging kapaki-pakinabang na mamamayan (functional citizen).

Sa ganitong kalagayan, tila napapanahon na upang lalong paigtingin ang paggamit ng midya sa sistema ng edukasyon sa bansa. Ang pagpapalaganap sa pagtuturo nito sa loob ng silid-aralan ay maaaring maging isang mabisang paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na maimulat sila sa katotohanan. Sa pamamagitan din ng midya, ang pag-iisip nang kritikal ay makakatulong sa kanila upang makita ang reyalidad sa iba't ibang aspekto ng buhay (Duldt, 1994).

Sadyang malakas ang kapangyarihan at mahika ng midya lalo na sa kasalukuyang panahon. Kung kaya, minsan na ring naipahayag ni Tony Blair (Media Awareness Network, 2006), "Ang ginawang pagbabago ng midya sa takbo ng buhay ng tao ay hindi matatawaran lalo na sa larangan ng edukasyon. Sa katunayan, halos lahat ng bansa sa buong daigdig ay nagpapasiklaban sa tinatawag na "battlefields of learning" o larangan ng pagkatuto nang sa gayon ay hindi sila mahuli kaugnay ng mga bagong kaalaman".

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy pa ring pinanghahawakan ang katotohanan na ang modernong panahon ay mahigpit na nakasalalay sa mga inobasyong inihahatid ng midya. Ito ay isang komprehensibong paghahanda kaugnay sa iba't ibang oportunidad ng pagkatuto na ang makikinabang ay ang sangkatauhan partikular na ang akademya. Isang patunay nito, sa tuwing maririnig ng mga mag-aaral na kayang salitain ang wika ng teknolohiya (cybernetics kung ito ay tawagin) naiaangat ang motibasyon nila tungo sa epektibong pagkatuto.

Sa ganitong pagkakataon binigyang-diin nina Carroll at Witherspoon (2002), na sa loob ng klasrum ng bawat paaralan, lahat ay pawang mga mag-aaral, nagkataon lamang na ang iba ay baguhan at eksperto naman ang iba. Sa kasalukuyang panahon, kitang-kita ito sa bawat klasrum sa Pilipinas. Kadalasan, ang mga guro ang nalalagay sa alanganing posisyon kapag usaping midya na ang nakalatag.

Naniniwala naman si Reksten (Media Awareness Network, 2000), kung magkakaroon ng pagtutulungan sa pagsanib ng midya sa pagtuturo, mas magiging madali ang pagkatuto. Sa madaling sabi, ang pagsasanib-pwersa ng guro at ng midya ay mabisang paraan upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng motibasyon tungo sa mas makabuluhang talakayang pangklasrum. Nangangahulugan lamang ito na sadyang may malakas na pwersa ang midya na maiangat ang pag-iisip ng mga mag-aaral lalo na kung ito ay maayos na naidisenyo sa sa kurikulum.

Binanggit din ni Kipping (2000), na ang pagiging epektibo ng guro bilang pasiliteytor ng pagkatuto ay hindi lamang nakadepende sa kanyang nakaimbak na kaalaman (stock-knowledge) na kanyang natamo noon. Ang kanyang pagtuturo ay nararapat lamang na iayon sa makabagong kalakaran upang matugunan ang pangangailangan ng nagbabagong lipunan. Ang guro ay may malaking responsibilidad kung paano niya mapapalago ang kanyang kaalaman upang lalong matulungan ang kanyang mga tinuturuan. Ang patuloy na

pagsasaliksik sa mga bagong inobasyon ay kinakailangan gawin upang mapabuti ang prosesong pagtuturo at pagkatuto (teaching-learning process). Isa na marahil dito ay ang literasya sa midya.

Binigyang- diin din ni Pungente (2006), na ang edukasyon ay ang pagpapaabot sa mga mag-aaral ng mga kaalaman, kakayahan at kaugaliang higit na magbibigay sa kanila ng pagkakataong maging produktibo at makabayang mamamayang makapag-aambag sa kaunlaran ng kanilang lipunan. Totoong ang mga bata sa kasalukuyang henerasyon ay kakaiba na kung ikukumpara sa mga nagdaang henerasyon. Ito ay dahil sa mabilis na takbo ng panahon dulot ng makabagong teknolohiya. Ang midya ay nagdulot ng matinding impluwensya sa buhay ng mga ito kaya't sila ngayon ay tinatawag na "multimedia babies" at "multimedia users".

Kung kaya, tinukoy ni Froilan (1985) na ang pasalintronikong panahon ay nakapagdulot ng kamangha-manghang impluwensya lalo na sa pagpapahalagang pantao, mga hinahangad, paghahatol at pati na rin ang paraan ng pamumuhay. Ang mga pagbabagong nabanggit ay nakikita sa aspekto ng pag-iisip, pag-uugali, pangkalinangan at panlipunan. Ang mga kabataan sa ngayon ay madaling humanga sa mga bagay na dulot ng midya gaya ng programa sa telebisyon. Kaya, di kataka-taka na kapag sila ay nasa loob ng silid-aralan, ang kanilang pag-iisip ay puno ng imahinasyon at ang kanilang isinasaalang-alang na kahali-halina ay yaong nakikita at naririnig. Sa pagtuturo ng guro, natural na hahanap-hanapin ng mga maag-aaral yaong kaakit-akit at kawili-wiling paglalahad ng aralin kung saan ay aktibo silang lumalahok sa prosesong pagtuturo at pagkatuto (teaching and learning process).

Samakatwid, ang pagkahalinang ito ng mga mag-aaral sa awdyo-biswal at multimedia na presentasyon ay maaaring makatulong sa paglinang ng mahahalagang karunungan sa kanilang pag-aaral. Nagpapatunay lamang ito na sadyang napakahalaga na ilantad at iugnay sa pagkatuto sa midya ang modernong edukasyon sapagkat hindi nito matatawaran ang maaaring maibigay nitong benepisyo sa sinumang mag-aaral na makaaangkop dito.

Ang ganitong kalagayan ang nagtulak sa mananaliksik na alamin kung katuwang nga ba sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ang paggamit ng midya o kung ang nabanggit na paniniwala ay isa lamang teorya.

Kung kaya, ang pag-aaral na ito ay may pangkalahatang layunin na tuklasin kung sadyang nakatutulong ang midya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at makapaglahad ng ebidensya kung papaano ito nakatutulong sa mga mag-aaral.

Upang malutas ang pangkalahatang layunin, tinangkang tuklasin ang mga pangunahing uri ng midya na kinahihiligan ng mga mag-aaral. Gayundin, ang mga uri ng midyang angkop gamitin sa paglinang ng mga kasanayan sa Filipino at kung papaano nakatutulong ang mga kinahihiligang uri ng midya sa paglinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Itinuturing na lubhang napakahalaga ng pag-aaral na ito sa mga guro ng asignaturang Filipino sapagkat maaari itong makatulong upang maging madali at mabisa ang pagtuturo. Maaari rin itong panghikayat sa mga mag-aaral upang masiglang makilahok sa mga talakayan.

Gayundin, sa mga pinuno ng paaralan, maaari itong magsilbing huwaran upang patuloy na kilalanin ang kahalagahan ng midya sa paglinang ng kasanayang pangkaisipan ng mga mag-aaral nang maging handa ng makipagsabayan sa sandaigdigan.

Maaari rin itong gamitin ng mga tagalinang ng kurikulum upang maging batayan ng mga pagbabago sa sistema ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng unti-unti nitong pagsanib sa umiiral na kurikulum, maaaring higit na maihanda ang mga mag-aaral sa patuloy na pagbabago ng mundo dulot ng modernisasyon.

At sa iba pang mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ukol sa kahalagahan ng midya sa pagtuturo. Ito rin ay maaring magsilbing sanggunian para sa mga nagnanais gumawa pa ng pananaliksik na kagaya nito.

Upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral, sinaklaw ang mga piling mag-aaral at guro sa elementarya ng isang pribadong paaralan upang maging kalahok ng pag-aaral. Sila ang pinagkuhanan ng mga pangunahing impormasyon upang matugunan ang suliranin ng pag-aaral.

Nilimitahan ito sa mga mag-aaral na nasa ikalima at ikaanim na baitang mula sa unang seksyon dahil sila ang may tuwirang akses sa makabagong teknolohiya dulot ng kanilang silid-aralan na nabibilang sa *E-Classroom* o *Multimedia Rooms*. Tanging kalahating bahagdan lamang ng bawat seksyon ang kalahok dito. Samantala, ang mga gurong kalahok ay nagtuturo ng Filipino sa ikalima at ikaanim na baitang kung saan nagmula ang mga mag-aaral na kalahok at sila ang gumagamit ng mga uri ng midya sa pagtatalakay ng mga aralin sa Filipino.

Ipinaliwanag din sa pamamagitan ng depinisiyong konseptwal at opereysyunal ang mga sumusunod na katawagan sa pag-aaral na ito:

Batubalani. Sa pag-aaral na ito, ginamit ito upang ihalintulad sa mga uri ng midya bilang mabisang panghikayat sa mga mag-aaral sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto.

Filipino. Ito ay asignatura sa Edukasyong Elementarya na tumutukoy upang matamo ng batang mag-aaral ang kakayahan ng kanyang iniisip at nadarama (Tolentino, 2000). Sa kasalukuyang pag-aaral, tumutukoy ito bilang isa sa mga asignaturang umiiral sa ikalima at ikaanim na baitang.

Gramatika o Balarila . Ito ay ang sining ng wastong paggamit ng salita at pagsulat batay sa mga tuntunin ng wika (UP Diksyunaryong Filipino, 2001). Ito rin ang depinisiyong opereysyunal sa pag-aaral na ito.

Kritikal na pag-iisip. Ito ay tumutukoy sa mataas na antas ng pag-iisip na tumutulong upang mapataas ang kognitibong paggawa ng mga mag-aaral samantalang ang malikhaing pag-iisip ay tumutukoy sa paglikha ng anumang bagay na bago o orihinal (Hughes, 1996). Sa pag-aaral na ito, ginamit ito bilang isa sa mga kasanayang nalilining sa paggamit ng mga uri ng midya.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik (*qualitative research*). Ito ay ginagamit upang mailarawan nang maayos, akyureyt at obhetibo ang isang sitwasyon o penomena. Ayon kay Vizcara (2003), ang kwalitatibong pananaliksik (*qualitative research*) ay pag-aaral sa paksa na binubuo ng kaunting bilang ng kalahok sa pag-aaral. Ito ay bukas sa mga impormasyong may kaugnayan o nakakaimpluwensya sa paksa. Walang eksaktong hinuha na kailangang ilahad. Ang mananaliksik ay mangangalap at magtatala lamang ng mga impormasyon mula sa mga kalahok. Sa pamamagitan ng mga talatanungang ipinamigay sa apatnapu't pitong (47) mag-aaral na nagmula sa ikalima at ikaanim na baitang at limang (5) piling guro na eksperto sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya mula sa isang pribadong paaralan ay nakapangalap ng mahahalagang impormasyon/insayt ang mananaliksik sa suliraning inilahad.

Ang talatanungang ginawa sa pag-aaral na ito ay ipinamahagi sa mga nabanggit na kalahok at binalikan ang mga ito pagkatapos ng isang linggo.

Ang mga datos na nalikom mula rito ay hinimay gamit ang pagsusuring pangnilalaman. Upang mapanatili ang pagkakompidensyal ng mga pahayag, nagtalaga rin ng bilang (codes) para sa mga mag-aaral gayundin sa mga gurong kalahok.

Inilagay naman sa talahanayan at larawang grap ang mga pangunahing datos na nalikom. Gayundin, pinili ang mga mahahalagang salitang may kaugnayan sa pag-aaral.

Mula naman sa mga salitang magkakaugnay at magkakapareho, bumuo ng mga kategorya o tema at inilahad ang mga impormasyon o datos na natipon ayon sa mga sumusunod: Uri ng Midyang Kinahihiligan ng mga Mag-aaral; Midya: Sa paglinang ng Kasanayan sa Filipino at, Midya: Sa Paglinang ng Kritikal at Malikhaing Pag-iisip.

Bilang pagbubuod, palarawang inilahad ang mga natuklasan at ginawan ng pagsusuri sa malinaw at komprehensibong pamamaraan.

MGA NATUKLASAN

Matutunghayan sa bahaging ito ang naratibong ulat ukol sa mga natuklasan sa isinagawang pag-aaral. Ipinakikita ang konkretong pahayag, gayundin, ang mga estadistikang kailangan na isinaayos ayon sa layunin ng pag-aaral: (1) uri ng midyang kinahihiligan ng mga mag-aaral; (2) uri ng midyang angkop gamitin sa paglinang ng kasanayan sa asignaturang Filipino ayon sa mga kalahok na mag-aaral; at (3) midya: sa paglinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip.

Uri ng Midya na Kinahihiligan ng mga Mag-aaral

Makikita sa sumusunod na talahanayan ang uri ng midyang kinahihiligan ng mga mag-aaral. Ang bilang na una (1) ay ang pinakakinahihiligan nila at ang bilang na anim (6) ay ang pinakahuling kinahihiligan nila. Mula sa apatnapu't pitong (47) mag-aaral na kalahok, tatlumpu (30) sa mga ito ay pinili ang internet bilang pangunahing uri ng midyang kanilang kinahihiligan. Samantala, pumapangalawa ang telebisyon na dalawampu't anim (26) na mag-

aaral ang pumili dito, pangatlo ang dyaryo na mayroong dalawampu't limang (25) mag-aaral ang pumili dito, dalawampu't tatlo (23) ang nakuha ng sinema samantalang labingwalong (18) mag-aaral ang pumili sa magasin at ang pinakahuling kinahihiligan ng mga mag-aaral ay ang radyo na mayroong labing-anim (16) na puntos.

Pansinin ang kasunod na talahanayan:

Talahanayan Blg.1





Mga Uri ng Midyang Kinahihiligan ng Mag-aaral

Pagkakasunod-sunod ng Kinahihiligang Uri ng Midya	Radyo	Telebisyon	Dyaryo	Magasin	Sinema	Internet	Kabuuan	Ranggo
1	0	14	1	0	0	30	Internet	1
2	0	26	1	2	8	11	Telebisyon	2
3	5	4	3	11	23	3	Sinema	4
4	12	3	5	18	10	0	Magasin	5
5	16	0	12	14	3	3	Radyo	6
6	14	0	25	2	3	0	Dyaryo	3
Kabuuang bilang ng mga kalahok	47	47	47	47	47	47		


Uri ng Midyang Angkop Gamitin sa Paglinang ng Kasanayan sa Assignaturang Filipino Ayon sa mga Kalahok na Mag-aaral

Makikita sa Talahanayan Blg. 1 ang mga uri ng midyang karaniwang ginagamit sa pagtalakay ng mga aralin sa Filipino lalo na sa gramatika o balarila. Katunayan, dalawampu (20) sa kanila ay internet ang ginagamit sa paghango ng mga pandiwa sa Filipino, labing-apat (14) sa telebisyon, pito (7) sa dyaryo at magasin, lima (5) sa radyo at tatlo (3) naman sa sinema. Sa pangngalan naman, nangunguna ang telebisyon na mayroong labintatlong (13) puntos, pumapangalawa ang dyaryo na nagkaroon ng labing-isang puntos (11), sumunod ang radyo at internet na parehong nakakuha ng anim na puntos (6) at panghuli ang magasin na nagkaroon ng limang puntos. Maliban sa pandiwa at pangngalan, ginamitan din ng iba't ibang uri ng midya ang pagtalakay sa panghalip, diin, diptonggo, pang-uri, pang-abay at pangungusap. Pansinin ang mga larawang grap sa ibaba:


Larawang Grap Blg. 1
Pangunahing Uri ng Midyang Ginagamit sa Pagtalakay ng mga Aralin sa Gramatika




Pang-abay




Diin



Pandiwa



Diptonggo



Isa sa mga adbentaheng dala ng modernong teknolohiya ay ang madaliang pagkuha ng impormasyong kailangan ng isang tao lalo na ang mga nasa akademya. Kung kaya’t ang mga sumusunod na talakay ay naglalahad ng mga kasagutang naranasan ng mga gurong kalahok ukol sa mga uri ng midyang ginagamit sa kanilang pagtuturo. Ginamit ang kodigong (code) **G** sa mga gurong kalahok at ginamit din ang bilang isa (1) hanggang lima (5) upang matukoy ang kaibhan ng mga ito sa bawat isa.

Malinaw na ipinakikita ng mga gurong kalahok na nangunguna ang internet at telebisyon sa mga uri ng midyang kanilang ginagamit upang lalong mapalawak ang kanilang kahusayan sa pagtuturo. Apat naman sa kanila (G1, G3, G4 at G5) ay gumagamit ng pahayagan. Gayundin, dalawa sa mga ito (G3 at G5) naman ay gumagamit pa rin ng radyo bilang karagdagang kagamitan sa pagtuturo. Samantalang isang guro pa ang gumagamit ng sinema at magasin.

Talahanayan Blg. 2

Uri ng Midyang Ginamit ng mga Guro sa Pagtalakay na mga Aralin sa Filipino

Internet	Telebisyon	Pahayagan	Radyo	Sinema	Magasin
G1,G2,G3	G1,G2,G3,	G1,G3,	G3 & G5	G1	G1
G4 & G5	G4 & G5	G4 & G5			

Midya: Sa Paglinang ng Kritikal at Malikhaing Pag-iisip

Batay sa mga kasagutan ng mga mag-aaral, hindi lamang gramatika o balarila kundi maging ang ibang kasanayan gaya ng ***pagsulat ng patalastas, pagsasadula ng patalastas, pagsusuri ng pelikula, pagtukoy sa paksa*** at ***paggawa ng talata*** ay higit na nalilintang sa paggamit ng mga uri ng midya sa pagtuturo.

Ayon nga sa mga mag-aaral:

“Ang mga uri ng midya na nagagamit sa aming aralin sa Filipino ay nakatutulong upang mahasa ang aking kritikal na pag-iisip.”

Mag-aaral 36

“Pinatatalas ng mga ito ang aking isipan.”

Mag-aaral 11

“Nadebelop ang aking critical thinking.”

Mag-aaral 43

“Naging mas malikhain ang aralin at nahasa ang aking kritikal na pag-iisip.

Mag-aaral 24 at 36

“Nakatutulong ang mga uri ng midya upang maging malikhain ang paglalahad ng mga aralin.”

Mag-aaral 40

Upang lalong pagtibayin ang mga pahayag na ito, ang mga gurong kalahok na patuloy na naggagalugad sa pagbibigay ng akma at napapanahong impormasyon sa mga mag-aaral ay sinisikap din nilang magamit ang mga iba’t ibang uri ng midya.

Ayon nga sa isang guro:

“Malaking tulong ang midya sa makabagong edukasyon. Ito ay kaantabay ng tahanan at paaralan sa paghubog ng kaisipang mental, pisikal at emosyunal. Naihahalintulad nila ang kanilang mga sarili sa kanilang napapanood. Nabibigyan din ang wastong kaisipan ng mga mag-aaral. Natututo silang magtanong at mag-analisa ng mga bagay-bagay, pangyayari at sitwasyon sa kanilang paligid.”

Guro 2

Pinatunayan din ng mga guro ang mabuting punla ng midya sa paghubog ng kaisipan ng mga mag-aaral lalo na ang paglinang sa kanilang kritikal at malikhaing pag-iisip.

Pansinin ang kanilang pahayag:

“Nakatutulong ang mga uri ng midya sa paglinang ng kanilang kritikal at malikhaing pag-iisip sa pamamagitan ng mga sumusunod: (1) Ang mga mag-aaral ay nakapagpapahayag ng sarili, (2) Naiuugnay ang mga karanasan sa mga pangyayari sa kanilang paligid, (3) Nagkakaroon ng eksposyur upang matugunan ang bawat sitwasyon ng buhay at nahahasa ang kanilang imahinasyon.”

Guro 1

“Oo, nakakatulong ang mga uri ng midya sa paglinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral dahil higit nilang nauunawaan ang paksang tinatalakay. Madali silang nakapagbibigay ng mga opinyon at ideya tungkol sa paksa at naiuugnay din nila ang kanilang sariling karanasan sa buhay.”

Guro 3

“Malaki ang naitulong ng mga ito sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal at malikhaing pag-iisip sa paraang nagamit nila ang kakayahang sila mismo ang nakadiskubre, nakapaglahad o nakapagtalakay ng paksang –aralin. Naipapaliwanang ng mga bata sa mas malalim na paraan ang aralin. Sa tulong ng mga uri midya, umandar ang kanilang imahinasyon na naging dahilan ng pagkakaroon ng mas malalim at malikhaing pag-iisip.”

Guro 5

Binigyang - diin din nila ang malaking naitutulong ng midya upang makatuklas ang mga mag-aaral ng panibagong kaalaman. Ang mga ito ay maaari nilang magamit upang makalikha naman sila ng kanilang sariling kaalaman.

Ayon nga sa ikaapat na gurong kalahok.

“Nakatulong ang mga uri ng midya sa aking ginamit sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa ika-anim na baitang lalo na sa mga pang-uri. Sa pamamagitan ng telebisyon, sila ay nagkakaroon ng pagkakataon makagawa ng sariling patalastas ukol sa nilikha nilang produkto at kung paano himukin ang kapwa mag-aaral para bilhin ang kanilang ginawang produkto.”

Guro 4

Pinatutunayan naman ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na pahayag ang mabuting idinulot ng mga uri ng midya sa kanilang aralin sa Filipino. Marami sa mga ito ang nagsabing **nakatutulong ang mga uri ng midya upang lalong maintindihan o maunawaan ang mga aralin sa Filipino.** Gayundin, **pinalalawak nito ang kaalaman sa aralin.**

Ayon sa ilang mag-aaral:

“ Mas naintindihan at luminaw ang aralin.”

Mag-aaral 3, 4, 13, 23, 25, 30 at 44

“Mas lumawak o luminaw ang aming aralin sa Filipino.”

Mag-aaral 5, 7 ,9,10,15, 22 at 35

“Nakakatulong ang paggamit ng iba’t ibang uri ng midya upang maintindihan ang mga aralin sa Filipino.”

Mag-aaral 6, 10, 11, 12, 17, 18, 21, 24, 25, 26, 27, 28, 29, 31, 32, 33, 34, 36, 37, 40, 41, 42, 44 at 45

Gayundin, ipinahayag din ng mga mag-aaral na ang midya ay nilikha upang maghatid ng mga ideya, impormasyon at mga balita na kanilang nagagamit sa pag-aaral.

Ayon sa mga mag-aaral:

“Ang mga uri ng midya ay nakatulong sa mga aralin sa Filipino dahil mas nakakapulot ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa aralin”

Mag-aaral 14

“Sa pamamagitan ng iba’t ibang uri ng midya tulad ng internet pwedi po kaming maghanap ng mga impormasyon ukol sa aming pinag-aaralan.”

Mag-aaral 2

"Mas marami pa kaming natututunan at nalalaman ko ang iba't ibang balita sa mundo."

Mag-aaral 22

"Ito'y nakakatulong sa aming kaisipan dahil nakakalap kami ng mga bagong impormasyon."

Mag-aaral 5, 37 at 39

Ipinahayag din ng mga mag-aaral na naging kapana-panabik, maganda at maayos ang paglalahad ng aralin sa Filipino dahil sa mga uri ng midyang ginagamit ng mga guro.

Ayon sa kanila:

"Mas naging maganda ang paglalahad ng aralin."

Mag-aaral 27, 31 at 47

"Mas nagandahan ako sa mga aralin at natutuhan ko nang madali ang mga bagay na pinag-aaralan namin."

Mag-aaral 4

"Naging mas kapana-panabik ang aralin."

Mag-aaral 34 at 42

"Naging malikhain ang paglalahad ng mga aralin."

Mag-aaral 24 at 40

"Nakatulong ito sa mas maayos na paglalahad ng aralin."

Mag-aaral 38

"Naging mas kapanapanabik [sic] ang aralin"

Mag-aaral 42

Ayon pa rin sa mga mag-aaral, ang midya ay may mabuting idinudulot sa paghubog ng kanilang pagkatao lalo na sa kanilang pag-uugali.

Pansinin ang kanilang mga kasagutan:

"Mas maraming magagandang-asal ang makukuha sa paggamit ng mga uri ng midya."

Mag-aaral 7,13,15,37 at 46

"Mas natututo kaming magsalita nang maayos at malakas lalo na sa harap ng maraming tao."

Mag-aaral 8 at 33

"Sa tulong ng mga uri ng midya, mas naging responsable at masinop ako sa mga gamit."

Mag-aaral 9 at 22

"Dahil sa aking natutunan kaya kong ipamahagi sa iba ang mga aralin."

Mag-aaral 15,18, 20,30 at 37

“Nakatulong rin ito upang mas lalong gumaling sa pagsasalita nang may respeto.”

Mag-aaral 25 at 44

“Mas naging magalang ako at palakaibigan.”

Mag-aaral 23, 32 at 46

Kaugnay ng mga nabanggit na ito ng mga mag-aaral, ang mga guro ay nagpapatunay rin sa positibong epekto ng paggamit ng mga uri ng midya sa mga mag-aaral lalo na sa pagpapahalaga sa damdamin ng iba.

Ayon sa mga ito:

“May pagpapahalaga sa damdamin ng iba at nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa kanilang kapaligiran.”

Guro 1

“Ang mga mag-aaral ay nagpapakita nang mabuting pakikisalamuha sa klase sa oras ng talakayan.”

Guro 3

Bilang paglalahat, ang midya ay isang gintong butil ng karunungan tumataginting sa bawat mag-aaral. Ito ay nakatutulong nang malaki upang magkaroon sila ng mga kaalaman na kaugnay ng pagmamahal sa Diyos, bayan, kapwa tao at kalikasan. Nagagawa rin nitong hubugin ang kanilang pagkatao tulad ng kagandahang–asal, kahalagahang pantao, mabuting saloobin at mga karanasang maiuugnay nila sa katotohanan ng buhay.

TALAKAYAN

Sa bahaging ito ay matatagpuan ang puspusang pagtatalakay sa mga natuklasan sa isinagawang pag-aaral. Dito rin ay masusing iniugnay ang kalapat na literatura sa mga natuklasan upang lalong maging makabuluhan ang pagtalakay. Ang mga nahugot na bagong insayts o mga konklusyon, gayundin ang mga mungkahing ipinalalagay na makatutulong sa lalong ikasusulong ng kaalaman ay itinatampok din sa bahaging ito.

Bilang panimula sa talakayan, binabalikan ang pinakaunang natuklasan sa isinagawang pag-aaral na ito: na ang mga pangunahing uri ng midyang kinahihiligan ng mga mag-aaral ay ang mga sumusunod: internet na nagsisilbing pinakamabisang hanguan ng impormasyon; sumunod dito and telebisyon; dyaryo; sinema; magasin at radyo. Ang kasagutang ito ng mga kalahok ay di nalalayo sa inilabas ng Miniwatts Marketing Group Copyright 2000-2010 ukol sa paglago ng internet sa Pilipinas. Ipinapakita sa Talahanayan Blg. 3 na 29,700,000 ang gumagamit ng internet mula June/2010 o 29.7 % ng populasyon ayon sa Yahoo.

Talahanayan Blg. 3 Paglago ng Internet sa Pilipinas

Taon	Gumagamit	Populasyon	Bahagdan ng Populasyon (%)	Pinagmulan
2000	2,000,000	78,181,900	2.6	ITU
2005	7,820,000	84,174,092	9.3	C.I Almanac
2008	14,000,000	96,061,683	14.6	Yahoo
2009	24,000,000	97,976,603	24.5	Nielsen
2010	29,700,000	99,900,177	29.7	IYU

Ayon kay Gee (2003), pinaliliit ng inobasyon at teknolohiyang ito hindi lang ang mundo kundi pati na rin ang proseso ng pagpapalitan ng kaalaman. Kaya naman ang mga mag-aaral sa kasalukuyan na itinuturing na supling ng modernong mundo ay madaling nakaangkop sa ganitong sistema.

Tunay nga't nabago ng teknolohiya ang pamamaraan ng buhay ng mga mag-aaral, o maging ng kabataan sa kabuuan. Masasabing napakarami nang naitulong ng teknolohiya sa pang-araw-araw na pamumuhay. Bukod sa dalang *digital miracle* ng internet, ang telebisyon, dyaryo, sinema, magasin at radyo ay patuloy pa ring ginagamit hanggang sa kasalukuyan.

Ayon nga kay Taylor (2005), ang telebisyon ay patuloy pa ring tinatangkilik ng mga Pilipino sapagkat sila ngayon ay nanonood nang mas mahabang oras.

Mula sa inilahad ng *media poll group*, ang telebisyon ay ang tunay pa ring hari ng midya sapagkat ang mga Pilipino ay may matatag na simbuyo ng damdamin para dito. Kung kaya, ang telebisyon ay patuloy pa ring tinatangkilik sapagkat ito ay nagbibigay impormasyon, libangan at kaalaman (Lotz, 2011).

Ang dyaryo bilang ikatlong uri ng midyang kinahihiligan ng mga mag-aaral ay patuloy pa ring nakikipagsabayan kahit umusbong na ang mga bagong teknolohiya tulad ng radyo, telebisyon, at internet.

Dahil sa mga bagong pagpapaunlad sa internet, nagkaroon ng pagsubok sa industriya ng mga peryodiko kaya naman lalong pinaunlad ang pangkalahatang nilalaman nito. Kadalasan, mga pangkasalukuyang balita ang nakalimbag. Matutunghayan dito ngayon ay mga pangyayari sa pulitika, balita sa ibang bansa, kalakalan, kultura, palakasan, at mga opinyon (alinman sa editoryal, kolum o guhit-larawang pulitikal). Gayundin, ito ay kadalasang gumagamit ng mga larawan upang ipakita ang mga kwento.

Batay sa mga nabanggit, mapatutunayan na hindi pa rin nawawala ang halaga ng mga nakalimbag na midya sa kabila ng pag-usbong ng mga bagong imbensyon ng teknolohiya tulad ng radyo at telebisyon.

Ang sinema bilang ikaapat sa kinahihiligang uri ng midya ay isa sa mga pinakapopular na libangan ng Pilipino. Bilang mag-aaral ng Filipino, angkop ding makita hindi lamang basta bahagi ng tinatawag na *mass media* ang pelikula kundi isa rin itong uri ng panitikan na hindi nalalayo sa kwento, dula, o nobela. Ang sinema kung gayon ay gamit sa pagtatamo ng isang mas mataas na pagninilay-nilay at nakatutulong upang maitaas ang antas ng pangkaisipan ng mga mag-aaral (Media Awareness Network, 2011). Ang ganitong kalagayan ay nagdidiin o nagpapatunay sa potensyal ng sinema na maaaring maging estratehiya sa pagpapasigla sa pagtuturo ng panitikan.

Ang mga uri ng midyang kinahihiligan ng mga mag-aaral ay patuloy na nakatutulong upang lalong mapagbuti ang larangan ng pagkatuto. Maaaring samantalahin *ng mga guro* ang kagandahan ng paggamit ng midya sa pagpapadali ng pagtuturo. Maaari itong gawing daan upang lalong maging mabisa ang pag-aambag ng kapaki-pakinabang na kaalaman sa mga tinuturuang mag-aaral na bahagi ng mundo ng makabagong teknolohiya.

Angkop ding gamitin ang internet, telebisyon, dyaryo, sinema, magasin at radyo upang malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika / balarila partikular na sa pandiwa, panghalip, pang-uri, pang-abay, diin, diptonggo, at pangungusap na bahagi ng mga aralin sa Filipino. Maraming kapakinabangang naidudulot ang makabagong teknolohiya lalo na ang midya sa pagtalakay ng mga iba't ibang aralin sa Filipino. Nangangahulugan ito na maging ang wikang Filipino ay hindi magpapahuli kung pagbabago ang pinag-uusapan.

Ang wikang Filipino ay buhay at dinamiko sa iba't ibang teknolohiyang naimbento tulad ng kompyuter, isang pindot lang sa karakter nito gaya ng Google lalabas na lang ang iba't ibang impormasyon na nakasulat rin sa Wikang Filipino (Bernales, et. al., 2000).

Sa kabuuan, di maikakailang malaki ang naitutulong ng mga uri ng midya upang lumawak ang diwa ng mga mag-aaral lalo na sa asignaturang Filipino.

Sa pamamagitan nito, higit na mapapaunlad ang pag-usad ng mga aralin sa Filipino lalo na ang gramatika o balarila.

Ayon sa panayam na ginawa noon sa Proceedings of the World Congress on Higher Education (1997), ang guro ay dapat na maging tagapagdaloy ng kaalaman sa halip na maging tagaturo lamang. Tinutulungan niya ang mga mag-aaral na maglikom at kumuha ng kaalaman sa paraang pagsasaliksik. Ngunit ito ay hindi magagawa kung siya mismo ay hindi mulat sa teknolohiyang dulot ng nagbabagong panahon.

Samakatwid, kung nais matiyak ng mga guro na makapag-iwan ng mga mahahalagang kabatiran sa kanilang tinuturuan, kinakailangan din nilang magkaroon ng kasanayan at kaalaman sa mga makabagong teknolohiya upang makatulong tungo sa mabisang pagtuturo.

Sa tulong ng *mga tagalinang ng kurikulum* maaari silang muling gumawa ng pagrerebisa sa mga araling itinuturo upang makabuo ng kagamitang pampagtuturo. Maaaring makatulong ang pagbuo ng modyul na may kaakibat na estratehiya kaugnay ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya gaya ng internet, telebisyon at iba pa na nagsisilbing batubalani sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino.

Samantala, ang pagkatuto ng mga kasanayang tulad ng pagsulat, pagsasadula ng patalastas, pagsusuri ng pelikula, pagpapalawak ng ideya ng isang paksa at pagbuo ng talata ay pawang mga mabisang panlinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Isa sa mga naging mahalagang usapin sa Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino sa pangunguna ng PASATAF, (2000) ay ang Kasanayang Pampag-isip (Thinking Skills). Ayon sa paksang inilalahad, isa sa pinakatampok na adhikain ng mga paaralan sa buong bansa ay ang pagtuturo sa mga mag-aaral kung paano matalinong makapag-isip. Kapansin-pansin sa kasalukuyan ang bumababang kalagayang pangkaisipan ng mga mag-aaral. Ang mga eksperto sa edukasyon ay totoong nababahala sa ganitong kalagayan kung kaya sila ay nagsasagawa ng mga hakbang upang malutas ang ganitong suliranin.

Ayon kay Dayag (2009), sampung bahagdan (10%) lamang ng kakayahang pangkaisipan ng tao ang nagagamit, ang siyamnapung bahagdan (90%) ay natatapon lamang. Bunga nito, ang aspektong pangkaisipan ng tao ay hindi gaanong nalilalang kung kaya't hindi nito nagagawa ang proseso na maaaring magdulot ng matalinong pagpapasya.

Kaugnay nito, binigyang-diin sa pag-uulat ng PASATAF na ang mataas na uri/antas ng kaisipan (higher order thinking skills) ay maituturo sa mga mag-aaral bilang karaniwan at madaling elemento sa pag-aaral. Lamang, ito ay nangangailangan ng mataas na uri ng pag-iisip sa paraang kailangang ibaling ang pansin sa isang uri ng estratehiya na makapagpapalalang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagan, ipinaliwanag naman ng Center for Critical Thinking (1996) para malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, kailangang mapukaw ang kanilang interes at maantig ang kanilang imahinasyon upang humanap ng bagong kaalaman.

Binanggit naman ni Shepherd (1996), na ang mga bagong kaalamang ito ay malinaw na makikita sa mga programang ibinibigay ng midya sapagkat ang mga ito ay nilikha upang sanayin ang kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga manonood. Isang halimbawa nito ay ang mga produktong kanilang napapanood o naririnig sa patalastas. Habang sinusuri nila ito ay nakabubuo na rin sila ng konsepto kung papaano ito magiging maganda at makatotohanan.

Kung gayon, ang paggamit ng midya sa pagtuturo sa loob ng klasrum ay magiging isang mabisang paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na maimulat sila sa katotohanan; ang pag-iisip na kritikal ay makakatulong sa kanila upang makita ang reyalidad sa iba't ibang aspekto ng buhay (Quinn, 1997).

Ang mga pahayag nina Shepherd at Tyner ay maiuugnay sa kasagutan ng mga mag-aaral sa katanungang nailahad. Hindi lamang gramatika o balarila ang naitulong ng mga uri ng midya upang lalong madagdagan ang kaalaman sa aralin sa Filipino kundi maging ang *pagsulat ng patalastas, pagsasadula ng patalastas, pagsusuri ng pelikula, pagtukoy sa paksa at paggawa ng talata*. Sa pamamagitan ng midya, hindi lamang nahahasa ang kanilang galing at talento kundi nalilalang din ang kanilang kritikal at malikhaing pag-iisip.

Dagdag pa ni Duncan (1989), ang paggamit ng *multimedia* sa paglalahad ng aralin ay nakatutulong nang malaki upang mapukaw ang interes, ideya, reaksyon, halaga at damdamin ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, hindi lamang ang kanilang paningin at pandinig ang nagiging aktibo kundi pati na rin ang kanilang kamalayan.

Binanggit naman ni Scrampickal (1993), na ang patuloy na pagkabalisa ng mga guro ukol sa paglinang ng kasanayang pangkaisipan ng mga mag-aaral ay malinaw na makikita ang solusyon sa mga programang inilalahad ng midya. Sinasanay ng mga ito ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral gaya ng paglinang sa kasanayang makapagsuri at makapagbigay ng angkop na pagpapasya. Ang pahayag na ito ay hindi nalalayo sa kasagutan ng mga gurong kalahok. Pinatunayan nila ang mabuting punla ng midya sa paghubog ng diwa o kaisipan ng mga mag-aaral lalo na ang paglinang sa kanilang kritikal at malikhaing pag-iisip.

Binigyang-diin naman sa pahayag ni Kipping (1996) na malaki ang naitutulong ng midya upang makatuklas ang mga mag-aaral ng panibagong kaalaman. Ang mga ito ay maaari nilang magamit upang makalikha naman sila ng kanilang sariling kaalaman.

Dagdag pa rito, sinabi ni Giron (2000) na tinutulungan ng midya ang mga guro upang maihanda ang mga mag-aaral sa pamumuhay sa lipunang kanilang ginagalawan. Dahil dito, lumalabas na kabalikat ng mga guro ang midya sa paghahatid ng mga kaalaman, kasanayan at kakayahan na kinakailangan ng mga mag-aaral upang sila ay maging kapaki-pakinabang na mamamayan.

Ayon nga kay Dominick (2006), isang *multimedia administrator*, tinutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na maging handa sa tunay na kahulugan ng buhay.

Nararapat lamang na makaisip ng mga malikhaing gawain na makapagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kaalaman, kasanayan at kakayahan. Kailangang sisirin ang kanilang kamalayan at kilitiin ang kanilang kaisipan upang maengganyo silang makipag-ugnayan, mag-analisa, makalikha nang mabuti, matutong magpapahalaga at magbigay.

Sinabi naman ni Badayos (1999) na ang isang guro na may mataas na pagpapahalaga sa kanyang itinuturo ay nakapagdudulot ng mabisang epekto sa mga mag-aaral. Sa kamay niya nakasalalay kung mapupukaw ang interes at atensyon ng mga ito sa paksang tinatalakay. Bilang isang guro na may mataas na pagpapahalaga sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, patuloy itong naghahanap ng mabisang estratehiya sa paglalahad ng aralin. Ang paggamit ng mga uri ng midya ay nakapagdulot ng magandang epekto sa mga mag-aaral dahil nakukuha ang kiliti nila na makikita sa kanilang ganap na atensyon sa pakikinig at pakikilahok sa talakayan.

Binigyang paliwanag naman ni Peregrino (1997) na ngayong panahon ng ika-21 siglo, hindi kataka-takang magkaroon ng ginintuang papel ang makabagong teknolohyang dulot ng midya sa buhay ng bawat tao. Tunay na hindi matatawaran ang hatid na benepisyo nito. Pinadadali nito ang lahat gaya na lang sa iba't ibang mekanismo na maaaring gamitin sa pag-unlad ng komunikasyon para sa pagpapadali ng lahat ng mga transaksyon.

Ayon nga kay Cruz (1997), ang midya ay napakahalaga sa pang-araw-araw na pamumuhay dahil sa kapakinabangang dulot nito. Binigyang diin din niya na ang midya gaya ng telebisyon, radyo, dyaryo at internet ay nakatutulong nang malaki upang madagdagan ang malawakang kamalayan ng madla lalo na ng mga mag-aaral sa nangyayari sa kanilang kapaligiran lalo na sa mga isyung panlipunan.

Kung kaya, tinatawagan din ng pansin ang mga pinagkakatiwalaang tanggapan gaya ng *Kagawaran ng Edukasyon* (DepED) na kung maaari ay makabuo ito ng polisiya sa tuwirang

paggamit ng *multi-media* sa proseso ng pagtuturo sa higit na kapakinabangan ng mag-aaral upang maabot ang mataas na literasi.

Gayundin, hinihikayat ang *ibang mananaliksik* na magsagawa ng mas malalim pangpag-aaral hinggil sa paksang ginawan ng pag-aaral.


Ang Sumibol na Istruktura

Pagkatapos ng masinop at masusing pagtalakay ng mananaliksik sa midya bilang katuwang sa pagtuturo ng asignaturang Filipino tungo sa pagpapasigla sa pagdalumat ng kaalaman, sumibol ang isang istruktura na naghahayag ng kabuuang kongklusyon ng pag-aaral.

Ginawang inspirasyon ang piramide (pyramid) upang mabuo ang istruktura ng pag-aaral na ito. Sinisimbulo ng hugis na ito ang salitang “pagtaas”. Gaya sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto, kinakailangang laging maitaas ang kalidad nito upang makaagapay sa mabilis na pagbabago ng panahon na dulot ng makabagong teknolohiya.

Ito ay matatawag na piramide kung ang bawat kayarian nito ay nasa tamang kinalalagyan. Ang malalaki at matitibay na pundasyon ay dapat na nasa ibaba upang maging matibay ito. Katulad din sa istruktura, kailangan ang matitibay na pundasyon at magkatuwang na pagsisikap ng mga guro, tagalinang ng kurikulum at ahensya ng pamahalaan, ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), upang mabigyang-diin ang pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa asignaturang Filipino, gamit ang midya bilang mabisang katuwang at kasangga sa pagdalumat ng kaalaman. Ang malakas na papel ng midya sa pagtuturo na napatunayan sa pag-aaral na ito ay sinasagisag naman ng mga “icon” o simbolo ng pangunahing midyang kinagigiliwan ng mga mag-aaral kung kaya tinawag ang mga itong “**kumikinang na batubalani**” sa pananaliksik na ito.


Ang paggamit ng kulay ay isa ring mahalagang elemento sa pagbuo ng larawan. Ang kulay berdeng linya na ginamit upang mabuo ang piramide ay sumisimbulo ng buhay. Tulad ng tagsibol, ito ang simula ng kaalaman ng isang indibidwal tungo sa kaniyang malayang kaunlaran. Samantala, sa loob naman ng espasyong kinalalagyan ng mga “icon” o simbolo ng mga midya ay kulay dilaw ang ginamit, gayundin sa kabuuang piramide. Ito ay sumasagisag sa liwanag at pag-unlad na naidudulot ng paggamit ng makabagong teknolohiya sa larangan ng pagtuturo.

Ginamit din ang isa sa mga titik ng Alibata () sapagkat ito ang ugat na pinagmulan ng wikang nagsisilbing kaluluwa ng bansa – ang **Filipino**, na siyang tinaguriang “**Diwa ng Kayumanggi**” sa pag-aaral na ito. Samantala, mapapansin na may dalawang hugis na kulay asul sa magkabilang espasyo sa gilid ng piramide. Ang mga ito ay sumasagisag sa tapat at epektibong pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro gamit ang makabagong teknolohiya. Ang kulay asul ay ginamit upang bigyang-diin ang akademikong larangan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kulay asul din ang karaniwang ginagamit sa mas malawak na larangan ng Edukasyon na naangkop sa kalikasan ng kasalukuyang pag-aaral.

Ang hugis bilohaba o “ellipse” sa itaas ng piramide ay ang kabuuang kahulugan ng istruktura—na dili’t walang iba kundi ang hugis-taong nabuo (*silhouette*) na sumisimbulo sa katauhan ng mag-aaral na tunay na sentro ng edukasyon at pagtuturo. Nakasulat sa loob ng

mistulang hugis-ulo ang mga kasanayang natatamo ng isang mag-aaral—ang kasanayan sa balarila at malikhaing pag-iisip, dulot ng epektibong pagtuturo ng asignaturang Filipino gamit ang batubalaning midya.

Ang kabuuan ng sumibol na istruktura ay matutunghayan sa Larawan 2.



Larawan 2. Sumibol na Istrukturang Midya: "Kumikinang na Batubalani sa Diwa ng Kayumanggi" Bilang Katuwang sa Epektibong Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Talasanggunian

- Badayos, P.B. (1999). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: Mga teorya, simulain at istrategiya*. Makati City: Grand Water Publications and Research Corporation.
- Bernales, R. A. (2002). *Komunikasyon sa makabagong panahon*. Valenzuela City: Mutya Publishing House.
- Bowen, W. (1996). *Citizens for media literacy*. U.S.A: Asheville, NC.
- Cruz, I. (1997). "Ang Filipino sa internet", *Daluyan* 8, 1-2, Quezon City: University of the Philippines Press.
- Dominick, J. R. (1983). *The Dynamics of mass communication*. California: Addison-Wesley Publishing Co.
- Dulles, A. (1988). *The Church and communications: Vatican II and beyond*. In: *reshaping Catholicism, current challenges in the theology of the church*. San Francisco: American Press, Inc.
- Duldt, B. (1994). *Coaching winners: How to teach critical thinking*. Front Royal, Virginia: Duldt & Associates, Incorporated.
- Duncan, B. (1989). *Specific approaches to media literacy: Media literacy resource guide*. Toronto, Ontario, Canada: Ontario Ministry of Education.
- Fore, W. F. (1987). *Television and religion: The shaping of faith, values and culture*. Minneapolis, MN: Augsburg Pub. House.
- Froilan, V. S. (1985). *Manual on media education*. Manila: Communication Foundation for Asia.
- Gee, J.P. (2003) *What video games have to teach us about learning and literacy*. New York: Palgrave MacMillan.
- Giron, T. (2000). *Making the media work for you*. Sta. Monica, California: Good Year Publishing.
- Gnanasegaram, J. P. (1994). *Media education in selected theologies in Manila and nearby provinces*. Masteral Thesis, Ateneo.
- Hughes, W. (1996). *Critical thinking: An introduction to the basic skills*. Peterborough, Ontario: Broadview Press.
- Kipping, P. (1996). *Media literacy: An important strategy for building peace*. *Peace Magazine* 23. Toronto, Ontario, Canada.
- Kipping, P. (2000). *Think tv: A guide to managing tv in the home*. Canada: Nova Scotia

Department of Education.

Lotz, A. D. (2007). *The television will be revolutionized*. New York: New York University Press.

Peregrino, J. (1997). "Representasyon ng wika sa text messaging", *Daluyan 3*,:1-2, Quezon City: University of the Philippines Press.

Proceedings of the world congress on higher education (1997). Manila: Commission on Higher Education.

Pungente, J. S.J. (2006). *Media Literacy Resource Guide*. Canada: Ontario Ministry of Education.

Quinn, V. (1997). *Critical thinking in young minds*. London: David Fulton Publishers.

Scrapickal, J. (1993). *Media education and human dignity*. New Delhi: Niscort.

Shepherd, R. (1992). *Elementary media education: The perfect curriculum*. Toronto, Ontario, Canada: Canadian Council of Teachers of English and Language Arts

Tallim, J. (1995). *What is media literacy?* Eastern Ontario, Canada: The Provincial Centre of Excellence for Child and Youth Mental Health Children's Hospital.

Taylor, A. (2005). *We, the media: Pedagogic intrusion into UA mainstream film and television news broadcasting rhetoric*. Frankfurt: Peter Lang International Academic Publishers.

UP Diksyunaryong Filipino (2001). *Sentro ng Wikang Filipino*. Quezon City: Anvil Publishing, Inc.

Worsnop, C. M. (2006). *Integrating Media into the Classroom*. Ontario, Canada: Media Awareness Network.

